

SANTA FE IRRIGATION DISTRICT

Pagpuputol ng Polisiya sa Residensyal na Serbisyon Patubig



Mga Pagtatalo sa Bayarin at Apela

Ang sinumang kustomer na nais magreklamo o humiling ng isang imbestigasyon hinggil sa mga serbisyo o singil na nakalagay sa bill ay dapat gawin ito sa loob ng 5 araw simula nang matanggap ang bill. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang bill ay itinuturing na natanggap na pagkatapos ng 5 araw na ito ay ipinadala. Ang anumang ganoong mga reklamo o hiling ay dapat nakasulat at isinumite sa Tagapangasiwa ng Administrasyon sa pamamagitan ng koreo sa PO Box 409, Rancho Santa Fe, CA 92067 o sa Opisina ng Distrito na matatagpuan sa 5920 Linea Del Cielo, Rancho Santa Fe, CA 92067. Kung hindi nasiyahan ang kustomer sa desisyon ng Tagapangasiwa ng Administrasyon, ang kustomer ay may karapatan na iapela ang desisyon sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na apela sa loob ng 7 araw mula nang maibigay ng Tagapangasiwa ng Administrasyon ang desisyon.

Tulong Pinansyal

Ang Distrito ay nag-aalok sa mga kustomer ng opsyon para sa hulugang pagbabayad o 30 araw na pagpapaliban sa isang bill sa bawat 12-buwan. Bilang karagdagan, ang Distrito ay mag-aalok ng hulugang pagbabayad sa isang kustomer na nakakaranas ng kahirapan sa medikal at pinasyal na paraan at naaabot ang mga kinakailangan sa Administratibong Pamantayan ng District.

Ang Distrito ay hindi magpapataw ng multa sa isang huling pagbabayad sa bawat 12 buwan para sa anumang residensyal na kustomer na magdedeklara na ang taunang kita ng sambahayan ay hindi higit sa 200 porsiyento sa antas ng kahirapan ng pederal o magbibigay ng kasalukuyang dokumentasyon na ang isang miyembro ng sambahayan ay benepisaryo ng: CalWORKs; CalFresh; pangkalahatang tulong; Medi-Cal; Pandagdag na Kita para sa Kaseguruhan / Programa ng Estado sa Pandagdag na Bayad; o Espesyal na Programa sa Pandagdag na Nutrisyon ng California para sa Babae, mga Sanggol, at mga Bata.

Impormasyon Para Makontak ang Distrito

Upang pag-usapan ang mga opsyon para maiwasan ang pagpuputol ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, mangyaring kontakin ang opisina ng Distrito sa (858) 756-2424, sa pagitan ng mga oras na 7:30 a.m. hanggang 4:00 p.m. mula Lunes hanggang Biyernes maliban sa salit-salitang mga Biyernes na sarado ang opisina.